

1

Hindi mapakali si Luanne. Kanina pa nakatitig sa kanya si Melvin. Kung hindi lang mahigpit ang pagkakahawak niya sa baso na nakapatong sa mesa, malamang nabuwal na siya dahil sa panlalambot ng tuhod. He gazed at her like she was the only person on earth, and she could feel every fiber of her muscles quiver. She smiled uneasily and then looked down.

“Lu...” narinig niyang bigkas nito sa pangalan niya.

Bago pa man siya nakapag-angat ng paningin ay naramdaman na niya ang paghawak ng mainit nitong palad sa isa niyang kamay na nakapatong sa kanyang hita.

“Lu...” parang hiras na usal nito.

She looked straight into his eyes and she could see the passion burning there. He came closer.

“Vin...”

“I want kiss you,” paanas na sabi nito, namumungay ang mga mata. Ilang dipa lamang ang layo ng kanilang mga mukha. Langhap niya ang

mabangong hininga nito.

Napalunok siya. “Melvin...”

He leaned forward, his eyes not leaving hers. When his mouth met hers, she was already trembling. Kinailangan niyang ikawit ang mga braso sa leeg nito upang hindi siya mabuwal. He kissed her mildly then passionately. She was already delirious when his mouth left hers to catch some breath.

Tuluyan nang nabura ang lahat ng kanyang pag-aalinlangan. Ipinagkanulo na siya ng kanyang sarili kaya wala nang dahilan upang itago niya ang nararamdaman. Melvin was the only man she had ever wanted in her life!

Bago pa man makabuwelo ang binata ay siya na ang kusang humalik dito. He kissed her back with burning passion. Her thoughts were already starting to float when she felt his thumbs caressing the sides of her breasts. She felt titillated.

From her mouth, his lips moved upwards—to her cheek, the corner of her eye, to the underside of her earlobe, then down to her neck.

Napapitlag si Luanne nang ipasok nito ang isang kamay sa ilalim ng kanyang t-shirt at sapuhin niyon ang maumbok niyang dibdib. She was wearing a

cotton bra and she could feel the warmth of his palm against her skin. When his fingers toyed with her breast, while his face still buried against her neck, she was already steaming hot. Her eyes half-closed, her hands opening and closing convulsively.

Then, with her clothes still on, his head bent down to her chest and he gently bit the peak of her left breast. When she looked down, she could see her nipple clearly outlined beneath the layers of her clothes. It brought a palpable pleasure in the pit of her stomach that made her moan loudly, so loud she thought she heard an echo.

Then she felt him nibble her right ear, while his hands were doing wonders on her body.

“Vin...” she moaned, her head leaning backwards as he was kissing her neck.

Mabilis na hinubad nito ang t-shirt ni Luanne. Inihagis nito iyon sa sahig kasunod ng kanyang bra. Tinanggal din nito ang suot na shirt.

She closed her eyes to prepare herself for the pleasure he would give her, ngunit ilang segundo na ang lumipas ay hindi pa rin ito kumikilos.

She opened her eyes and saw him staring at her longingly, his eyes full of desire... and love.

“Melvin...” she cried impatiently.

Tumawa ito. How she loved that laughter. It was enough to make her flesh shiver by just hearing it.

Finally, he bent his head toward the proud mountains and buried his head there. She held his head, pulled it more toward her chest. He caressed her breasts, sucked them, gently bit them. Her head swam. May bahagi ng pagkatao ni Luanne na nagnanais ibalik dito ang walang kahulirip na kaligayahang nararamdaman niya, ngunit hindi niya alam kung paano.

Melvin's expertise, which made her dazed and light-headed because of the eye-rolling sensation, erased the concept of time and place. Napagtanto niya na lang na nasa isang bar sila nang sandaling maimulat niya ang mga mata at mapagmasdan ang paligid. But what the hell did she care? All that mattered were she and he alone.

Suddenly, she felt his hand slipping into her gartered shorts. Her head swam as one of his hands slipped inside her bikini and played with the cluster of black curls between her thighs. Then in one pull, he removed both her shorts and bikini. He then pulled down his own trousers.

After touching and kissing every corner of her body once more, he placed his hand on her womanhood and gently caressed her there. She moaned out loud. He whispered in her ear, his voice sounding like he was already losing control.

“You’re so ready,” he whispered huskily.

Sa isang iglap ay binuhat siya ng binata at iniupo sa isang hita nito paharap dito. He pulled her closely until he was able to thrust himself inside her. It was hard for her at first, but he kissed her tiny fear away. Soon she was delirious with pleasure. Geez, she did not know Melvin was a sex god!

“Vin...” bulong niya.

“Luanne...”

Naramdaman niya ang marahang pagyugyog nito sa balikat niya, ngunit ayaw niya pang idilat ang mga mata. Ninanamnam niya pa ang sarap, ang luwalhati ng kanilang pag-iibigan.

“Luanne!” The voice became louder, persistent.

Umungol lang siya.

“Luanne!” Lumakas ang pagyugyog nito.

“Luanne! Luanne!” Lumakas ang naging pagyugyog kaya nagising ang diwa niya.

“What?” hinihinal na reklamo niya. Pagdilal niya ng mga mata, mukha ng kanyang ina ang bumungad sa kanya. “Mommy?”

“Hindi ba nagpapagising ka sa akin dahil may lakad ‘ika mo kayo nina Rhei at Jeana ngayon?” kunot-noong paalala ni Mrs. Leonida Lazatin.

She twisted her lips in annoyance, exasperation and frustration. Matapos ay bumangon siya.

“At saka mabuti na rin pala na ginising kita. Binabangungot ka pa yata. Ungol ka nang ungol.” Dinama nito ang likod niya. “Pawisang-pawisan ka, pati likod mo’y basa!”

Saka lang niya naramdaman na basa nga siya ng pawis. Payukong sinapo niya ang ulo.

“Siguro hinahabol ka ng maligno sa panaginip mo.”

Muntik na siyang ubuhin. Kung alam lang ng mommy niya. Sariwa pa sa memorya niya ang bawat detalye ng panaginip niya.

“Sumunod ka na sa akin nang makapag-almusal ka na,” anang ina bago siya iwan nito.

Hindi pa rin tumayo si Luanne, bagkus ay muli niyang inilapat ang likod sa kama at napatitig sa kisame. Panaginip lang ba talaga lahat ng iyon? Panaginip lang pala! Gusto man niyang mahiya sa sarili, pero mas lubos ang panghihinayang niya. Hindi siya makapaniwalang panaginip lamang ang lahat ng iyon. Paano ay damang-dama pa niya ang pag-iinit ng buong katawan niya!

She could still recall the details of her steamy dream. As the scenes flashed into her mind, she could feel herself getting really hot.

Napamura siya. *What's happening to me?* pikit-matang usal niya. Napanaginipan niyang nakikipag-sex siya! At si Melvin ay bahagi ng mainit na tagpong iyon! Si Melvin ang kaniig niya sa panaginip! What the hell!

Patakbong tinungo niya ang banyo, as she could no longer contain the heat inside her every time the scenes of her erotic dream flashed into her mind.

Kaagad na tumapat si Luanne sa dutsa kahit hindi pa naghuhubad ng damit. Tanging ang lamig lamang na dulot ng tubig ang makapupukso sa init na nararamdaman niya sanhi ng matamis na bangungot na iyon.

“Ito ang para kina Rhei at Jeana,” ani Mrs. Lazatin habang inilalapag sa mesa ang dalawang lavender envelopes kung saan sa labas ay nakasulat ang pangalan ng mga kaibigan niya. Tinapunan niya lamang ng tingin iyon at saka ipinagpatuloy ang paghigop ng kape.

“Tinatanong pala ni Liezel kung kelan ka raw available magpasukat ng gown. Kayo na lang ng best man ang hindi pa nakakapagpasukat.”

“Next Sunday na lang siguro, ‘My. Sunday lang pahinga ko.”

“Sige, sasabihin ko. Baka itong week din magpasukat ‘yung best man. Baka puwede kayo magsabay.”

“Sino ba ang best man?” walang interes niyang tanong. Wala naman kasi siyang pakialam kung sinuman ang best man ng kapatid niya sa kasal nito. Basta ang alam lang niya ay siya ang maid of honor.

Liezel, her only sister who’s two years her junior, was about to get married to her long-time boyfriend, Carlo. Grade six pa lamang yata ang kapatid niya ay mag-boyfriend na ang mga ito.

Boto siya kay Carlo para sa kapatid. Akala niya nga dati pagka-graduate ng mga ito ay magpapakasal na, pero naghintay pa rin ng apat na taon. Ngayon, beinte-cuatro años na si Liezel at ikakasal na nga. Siya, beinte-seis, ni minsan hindi pa nagkaka-boyfriend. Napasimangot siya sa ideyang iyon.

Nang hindi sagutin ng ina ang tanong niya, dinampot ni Luanne ang isang sobre na naglalaman ng wedding invitation. Naintindihan naman ng kapatid niya kung bakit hindi siya nakakatulong sa pagpeprepara ng kasal nito. Masyado kasi siyang abala bilang bagong feature editor ng sikat na magazine na *The Pearl*.

Inilabas niya ang lavender ding invitation card. Lavender ang paboritong kulay ni Liezel kaya ito rin ang motif ng kasal nito. Binasa niya ang postscript:

When somebody owns your heart, you want to spend the rest of your life with that somebody. For how can you live... without your heart? – Carlo and Liezel

Napangiti siya. Carlo and Liezel loved each other so much. Saksi siya sa pag-iibigan ng mga ito. Walang itinago sa kanya ang kapatid bagaman lumaki silang may kani-kanyang kaibigan. Mayroon din silang magkaibang best friend. Si Carlo ang best friend ni Liezel samantalang si Melvin naman, na

pinsan ng kanyang future bayaw, ang best friend niya. Pagkaalala sa lalaki ay napangiwi siya. Paano ay naalala niya na naman ang panaginip niya!

Ipinilig ni Luanne ang ulo. Then she looked at the next page. Inisa-isa niya ang pangalan ng mga ninong at ninang. May mga prominenteng pangalan siyang nabasa, mga kongresista. Sa *House of Representatives* kasi nagtatrabaho ang kapatid niya. Iyong iba hindi na niya kilala. Marahil sa panig iyon ni Carlo dahil isa itong arkitekto.

Then she saw her name. Napahigop siya ng kape habang nakatutok ang mga mata sa sariling pangalan. Lagi na lang siya ang maid of honor. Kung hindi man, isa sa mga bridesmaids o secondary sponsors. Hindi na niya matandaan kung ilang beses siyang nag-abay sa kasal ng kamag-anak, kaibigan o dating kaklase niya. Siya ang maid of honor ni Jeana nang ikasal ito sa asawang si Jovan. Siya rin ang maid of honor ni Rhei nang ikasal ito kay Gerry noong isang taon.

Minsan tuloy naisip niya baka kapag siya na ang bride, wala na siyang makuhang maid of honor dahil nagsipag-asawa na lahat. Siya na lang ang natirang single sa mga kaibigan niya. At hindi lang basta single, kundi single to the highest level!

Sa wakas nagsawa na rin si Luanne sa kakatingin

sa pangalan niya. She took another sip of coffee only to spit it out when she read the best man's name.

“Ano ba iyan, Luanne, bakit mo naman binugahan ng kape iyang invitation?” malakas na sita ng kanyang ina, ngunit hindi niya pinansin iyon.

Nanlalaki ang mga mata, awang ang bibig, hindi siya makapaniwala sa nakasulat sa invitation. Ang best man ay si Melvin Rubido.

What? Si Melvin? sigaw ng isip niya.

Napatingin siya kay Mrs. Lazatin, takang-taka. “Si Melvin ang best man?”

“Ano nama'ng nakakapagtaka d'un? Hindi ba magpinsan sina Melvin at Carlo? Bakit ganyan ka naman kung makapag-react? Hindi ka ba natutuwang makitang muli si Melvin? Hindi ba best friend mo iyon?” pahayag nito.

Nahaplos niya ang kanyang noo. Ano ba itong nangyayari sa kanya? Hindi pa man niya nakikita si Melvin, parang lalagnatin na siya.

What the hell is happening to me?

2

“Bakit basa ‘tong akin?” reklamo ng kaibigang si Rhei nang iabot niya rito ang invitation para sa kasal ng kapatid. Nasa *Karate Kid* sila sa *Gateway Mall* dahil na rin sa request ng kaibigan niyang ito na kasalukuyang nagdadalang-tao. Pagkatapos kumain ay manonood sila ng *UAAP Men’s Basketball* sa *Araneta Coliseum*.

“Sorry, nabugahan ko ng kape,” walang anumang tugon ni Luanne.

“Oh, my God! Is this true?” bulalas ng isang kaibigan pa niya, si Jeana.

“What’s that?” tanong ni Rhei na nakiusyoso sa invitation ni Jeana kahit hawak nito ang sariling invitation. “Oh, my God!” bulalas din nito.

Parang alam niya na kung bakit.

Parehong napatitig sa kanya ang mga ito, gulat na gulat kahit halatang nanunukso ang mga mata.

“Ang OA ninyong dalawa.”

“OMG, Luanne! Si Melvin ang best man? Ibig sabihin, magkikita na kayo ng first love mo after six long years?” nagliliwanag at nanlalaki ang mga

matang saad ni Jeana na sinapo pa ang sariling pisngi na tila nangangarap.

“How exciting! Tingin mo, mare, single pa rin si Melvin?” ani Rhei na bumaling lamang kay Jeana.

Bumaling din rito ang tinanong. “That is the question. Maybe I’d start praying tonight that Melvin is still single.”

“Bakit pa? Meron namang kinababaliwan si Luanne.”

“Sino, iyong may-ari ng *Pearl Airways* na mukhang babaero?”

Mangani-nganing batuhin niya ang dalawang ito na kung mag-usap ay parang hindi siya kaharap.

“So ano ang reaction mo at magiging magkapareha pa pala kayo ni Melvin sa kasal ni Liezel?” tanong sa kanya ni Jeana kapagkuwan, tila narinig ang piping pagsisintir niya.

Nagkibit-balikat si Luanne. Ikukuwento niya dapat sa mga ito ang napanaginipan niya pero dahil sa reaksiyon ng mga ito, nagbago ang kanyang isip.

“Wala.”

“Wala?” magkapanabay pang tanong ng mga ito.

“Duh. Ganyan ba kapag nag-asawa? Umaarte na nga, umu-OA pa.”

“Ang dami mo pang sinasabi. Don’t tell me hindi ka talaga na-e-excite na si Melvin ang kapareha mo?” pangungulit pa rin ni Jeana.

“Hello? So what kung siya ang kapareha ko? Hindi naman kami ang ikakasal, ‘no! And besides, pinsan ni Carlo si Melvin kaya may karapatan siyang maging best man sa kasal nito.”

“Hindi ka ba naiinggit sa kapatid mo? Mas bata sa iyo si Liezel pero mas una pa siyang ikakasal,” ani Rhei.

Here we go again, my dear lambasting friends!

“At bakit ako maiinggit kay Liz? Elementary pa lang mag-boyfriend na iyong dalawang iyon. Ako nga nag-college at nagtrabaho’t lahat-lahat ay walang boyfriend, eh. Magpakasal pa?”

“Napakapihikan mo kasi. Kahit ibili ka yata namin ng lalaki, hindi pa rin uubra. Sinasayang mo ang beauty mo, friend,” anito. “Bakit hindi mo na lang akitin iyang si Mr. *Pearl Airways* at nang makawala ka na sa sumpa ng pagkadalaga? Tatal type mo naman siya, di ba?”

“Hay naku, Lu! Huwag kang makikinig dito kay Rhei,” gagad ni Jeana. “Kung ako sa iyo, hintayin mo na lang si Melvin. Baka siya talaga ang tadhana mo. Hindi ba matagal bago ka naka-recover sa pag-alis niya? Feeling ko love mo pa siya. Ngayon pinagtatagpo na ulit kayo ng tadhana.”

“Sino kaya ang BI sa atin dito? Kung talagang mahal siya ni Melvin, hindi niya magiging girlfriend si Myla noon, ‘no! Saka ano naman si Lu, century egg na pagkatapos niyang iwan at ibaon sa lupa, eh, basta na lang babalikan?” Rhei retorted.

Luanne rolled her eyes. Nakapalukaret talaga ng mga kaibigan niya. Porque’t nagsipag-asawa na ang mga ito, tila malaking problema na ang pagiging single niya.

Iiling-iling na ipinagpatuloy niya ang pagkain at hinayaang magsagutan ang dalawa. Wala siyang laban sa mga ito na mula nang magsipag-asawa ay naging love experts na yata.

Alas dos na ng madaling-araw ay hindi pa rin dalawin ng antok si Luanne. Hindi talaga siya makatulog. May mga bagay-bagay na pabalik-balik sa isip niya na buong araw niyang sinubukang

ignorahin, ngunit hindi maalis-alis sa kanyang isipan.

Una ay ang malaswang panaginip niya. Hindi niya mapigilang mapangiwi sa tuwing naaalala iyon. Napakadetalyado kasi niyon. At kung bakit naman hindi niya malimut-limutan. Lahat ng detalye ay natatandaan pa niya hanggang ngayon!

Pangalawa ay si Melvin. Not to mention that he was her lover in her dream, the idea of him being her sister's best man was enough to startle her.

Ang lalaki ay best friend niya mula pa kindergarten siya. Tandang-tanda niya pa kung paano sila nagkakilala.

Bagong lipat sila noon sa Project 6. Anim na taong gulang pa lamang siya noon, at nasa kindergarten pa lang. Habang naglalakad siya pauwi, hinarang siya ng isang batang lalaking nakauniporme. Siguro nasa grade two na iyon. May dalawang kasama ito na nasa likuran lang na tingin niya ay mukhang hindi gagawa ng mabuti. Napakapit siya nang mahigpit sa bitbit na bag.

“Ano’ng pangalan mo, ha?” mayabang na tanong ng batang lalaki. Tila siga kung umasta. Nagkakantyawang ang mga kasama nito.

Hindi nakakibo si Luanne. Hindi niya alam kung

tatakbo siya o ano, basta napako na lamang siya sa kinatatayuan.

“Pipi ka ba, ha?”

Hindi pa rin siya kumibo. Napakagat-labi na lamang si Luanne at nagsisimula nang matakot.

“Sige na! Hindi mo yata kaya, eh!” sigaw ng isang kasama nito habang tatawa-tawa naman ang isa pa.

“Anong hindi?” tila nainsultong banat ng batang lalaki.

“Wala ka pala, eh! Wala, bano! Bano!” tukso ng isa pa.

Tila napikon ang batang lalaking humarang sa kanya. “Hindi ako bano! Manood kayo!”

“Sige nga, sige nga!”

Bigla itong dumukwang at hinalikan siya sa pisngi. Sukat doon ay napaiyak si Luanne nang malakas.

“Mommy! Isusumbong kita sa mommy ko!” nagpapadyak-padyak na palahaw niya.

“Hoy!”

Nang marinig ang sigaw na iyon ay sabay-sabay na nagtakbuhan palayo ang mga batang haragan.

Lumiko ang mga ito sa isang kalye na hindi niya alam kung saan, basta hindi iyon ang daan papunta sa bahay nila.

“Bata, inaway ka ba nila?” tanong ng batang lalaki. Mas matangkad ito sa batang nanghalik sa kanya kanina, pero mukha itong mabait.

Hindi pa rin siya tumahan. Bagkus ay lalo pang lumakas ang atungal niya.

“Naku, huwag kang umiyak! Baka sabihin ako ang nagpaiyak sa iyo. Uwi ka na sa inyo. Saan ka ba nakatira?” may pag-aalalang tanong nito.

Kahit papaano ay humina ang pag-iyak niya, pero hindi pa rin siya tumigil.

“Ano ba ang ginawa nila sa iyo? Gusto mo samahan kita, isumbong natin sa mommy mo?”

Napalabi si Luanne at sumigok-sigok, hindi pa rin kumikibo.

“Ano ba ang pangalan mo?”

Napaatungal na naman siya. Tinatanong nito ang pangalan niya. Baka halikan din siya nito!

“Bata, huwag kang umiyak!” nag-aalalang sabi nito. “Kung natatakot ka sa akin, iiwan na kita. Basta

umuwi ka na sa inyo. Baka bumalik pa 'yung mga salbaheng iyon.'"

Nang lumakad ito palayo ay napatahan siya. Mabait naman pala. Pinunasan niya ang mukha sa pamamagitan ng palda niya. Matapos ay sumigaw, "Hoy, bata! Luanne pangalan ko!"

Napahinto sa paglalakad ang batang lalaki. Lumingon ito sa kanya at naglakad pabalik sa kinaroroonan niya.

"Luanne ba ang pangalan mo?" paniniyak nito.

Tumango siya at nahihiyang napangiti.

Ngumiti rin ito. "Ako naman si Melvin. Bakit ka ba umiiyak kanina?"

Nang makadama ng kapanatagan ay ikinuwento niya rito ang dahilan ng kanyang pag-iyak. Sa kanyang pagtataka ay tumawa ito.

"Bakit ka tumatawa? Siguro ganoon ka din, 'no!'"

"Hindi, ah! Ang ganda mo naman kasi kaya ka siguro hinalikan."

Hanggang sa paglaki ni Luanne ay dala-dala niya ang eksenang iyon sa alaala niya. Mula nang araw na iyon ay naging magkaibigan sila ni Melvin.

Magkapitbahay lamang pala sila. Magkatapat ang kanilang mga bahay. Magkapareho rin sila ng paaralang pinasukan ng elementarya hanggang high school, bagaman matanda ito sa kanya ng isang taon.

Naghiwalay lamang sila nang magtapos ito ng high school. Magkaiba rin sila ng pinasukan noong college. Nag-aral siya ng Journalism sa *University of Santo Tomas* habang ito naman ay kumuha ng BS Aeronautical Engineering sa *PATTS College of Aeronautics*. Pangarap kasi nitong maging piloto mula pa noong mga bata sila.

Sa lahat ng naging kaibigan niya, pinakakomportable siya sa piling ni Melvin. Kaya nga ito ang best friend niya. Dati wala sa isip niya ang pagbo-boyfriend. Hindi rin siya apektado kahit noong ligawan ng pinsan nito na si Carlo ang kapatid niya noong elementary pa lang ang mga ito. High school na siya noon. Hindi siya apektado kahit alam niyang best friends din ang dalawa tulad nila ni Melvin.

At dahil matanda sa kanya ang lalaki ng isang taon, nauna itong nag-graduate ng high school. Gayunpaman, kahit minsanan na lamang ito umuwi sa bahay dahil nagbo-board ito malapit sa eskuwelahang pinapasukan, hindi pa rin siya nakaramdam ng pag-iisa. Doon niya rin naging ka-

close ang mga kaibigang sina Rhei at Jeana. Nang mag-college, pare-pareho silang nag-aral sa *UST*. Sa tuwina'y lagi siyang tinutukso ng mga ito kay Melvin, pero ni minsan ay hindi niya nabigyan ng kulay ang samahan nila ng lalaki.

Hanggang sa nabalitaan ni Luanne na girlfriend ni Melvin si Myla, ang maarte nilang schoolmate noong high school. Batchmate niya ito pero hindi sila magkaklase dahil nasa lower section ito. Ang totoo, maraming nagkakagustong lalaki kay Myla. Pero marami ring babae ang inis na inis dito. Hindi siya sigurado kung dahil na rin sa inggit, pero siya ay inis na inis sa sobrang pagkamaarte nito. Talagang kumukulo ang dugo niya rito. Sa dinami-dami ng babae sa Pilipinas, kung bakit naman ito pa ang nagustuhan ng best friend niya!

Mula noon ay nabawasan na ang closeness nila. Nalungkot siya nang husto pero hindi niya ipinahalata. Ang alam niya lang, nawalan na ng oras sa kanya ang binata dahil abala ito sa Myla na iyon. Kaya naman isinubsob na lang ni Luanne ang oras sa kanyang pag-aaral. Hindi rin siya nagkainteres sa kahit kaninong lalaki. Hanggang sa magtapos sila ng kolehiyo ay tuluyan nang naghiwalay ang landas nila ni Melvin. Naging piloto ito na ni hindi man lang siya nakasakay sa eroplanong pinapalipad nito.

Lumipat na rin ito ng tirahan. Talagang naputol na ang ugnayan nila.

Kaya hindi na siya nagtataka kung bakit nagtataka siya sa muling pag-eksena ng dating kaibigan sa buhay niya. Una sa panaginip niya. Ngayon pati sa kasal ng kapatid niya. Sino ba naman ang mag-aakala na makikita niya pa pala ito?

Contrary to what her friends—particularly Jeana, who never got tired of pairing her with Melvin—thought, she really believed she had no romantic feelings for the man who was once her best friend. Kung hindi man siya nagkaroon ng boyfriend, sigurado siyang walang kinalaman doon ang ang lalaki. Pero hinahayaan niya na lamang ang mga kaibigan sa kung ano ang gustong isipin ng mga ito. At least, nakaisip ng teorya ang dalawa kung bakit hanggang ngayon ni minsan ay hindi pa siya nagkaroon ng nobyo. Samantalang siya mismo ay wala siyang maisip na dahilan kung bakit hanggang ngayon NBSB o No Boyfriend Since Birth pa rin siya.

Hindi siya pihikang tao. At lalong hindi siya kapangitan. Nagkataon lang na wala siyang magustuhan sa mga lalaking lumalapit sa kanya. Hindi niya maramdaman iyong spark.

But there was this one man who really caught her attention. His name is Lester Correa. Anak ito ng may-ari ng *Pearl Airways*, ang pinakamalaking airline company sa bansa na siya ring may-ari ng *The Pearl*, ang magazine na kinabibilangan niya bilang feature editor.

Wala pang isang taon na nasa Pilipinas ang nag-iisang anak na lalaki ng chairman ng *Correa Group of Companies*. Nag-aral pa ito sa Amerika at ngayon nga ay narito upang simulan nang patakbuhan ang negosyo ng pamilya nito.

Unang kita pa lamang ni Luanne sa binatang Correa, biglang nag-alarm ang kanyang biological clock. Taglay na yata nito ang lahat ng katangiang hinahanap ng babae sa isang lalaki: guwapo, mayaman, matalino, responsible, malakas ang sex appeal, mabango, at ayon sa tsismis ay mabait naman. Kahit sinong babae ay hindi maaaring hindi mapahanga ng lalaking ito. At aminado siyang babae lang siya.

Subalit hindi ganoon kadali ang mapansin ni Lester. Kailangan muna ng mabigat na dahilan, halimbawa ay may ipo-propose na isang malaking negosyo, para makadaupang-palad ito. Sa iisang building lamang ang opisina nila, pero ni minsan ay

hindi pa niya ito nakasabay sa elevator.

Wala na siguro siyang mahihiling pa kung si Lester ang magiging boyfriend niya. Naisip niyang hindi naman masamang mangarap. At sigurado siyang iyon din ang iniisip ng mga 'kaagaw' niya rito.

Finally, she yawned. She looked at the clock, it was past three in the morning. Then, she fell asleep.

3

“Hindi ka ba kakain man lang?” puna ni Mrs. Lazatin nang mapansing hindi niya ginalaw ang pagkain sa mesa. Tanging kape lang ang inatupag niyang inumin. Bata pa siya ay addict na siya sa kape kahit ano pang pagpipigil ng mommy niya.

Inilapag niya ang mug ng kape na may kalahati pang laman. Sa kanilang pamilya, siya lang ang nagkakape sa mataas na tasa. Bitin na bitin siya sa maliliit na tasa ng mommy niya kaya bumili siya ng sarili niyang mug.

“Hindi na, ‘My. May interview ako ngayon.’” Napasulyap siya sa kanyang wristwatch.

“Aalis ka? Ang akala ko ba ngayon ka magpapasukat ng gown?”

Napangiwi si Luanne. “Oo nga pala. I forgot about it, ‘My. Anyway, this interview is very important. Actually, urgent assignment lang ito ng EIC ko. We’ve been asking for this interview for several months already at ngayon lang siya nagpaunlak. I really cannot miss this one,” paliwanag niya.

Hindi siya nagsisinungaling. May appointment

siya ngayong araw kay Lester. Kahapon ay inabisuhan siya ng editor-in-chief niyang si Crysteen na nagpaunlak na ang binata para sa interview. Heaven knows how long they had been trying to get to feature the young business magnate into their magazine, which his family also owned, but to no avail.

Ngunit sa wakas nga ay pumayag na rin ang binata. At dahil wala siyang correspondent na available nang araw na iyon, si Luanne na mismo ang mag-i-interview. It was, for her, a blessing in disguise.

“Bakit ikaw pa ang pupunta? Dati naman kapag may ganyan kang assignment ay nag-uutos ka lang sa mga correspondents ninyo. Bakit hindi mo na lang iyan ibigay sa iba? Kapag hindi ka pa nakapagpasukat ngayon, ano pa isusuot mo sa kasal ni Liezel?” reklamo ng mommy niya.

“Mommy, may three weeks pa bago ang kasal. Saka sanay naman mag-rush ang mga mananahi. Next Sunday, promise talaga, magpapasukat na ako.”

“Kaka-next Sunday mo, baka wala ka pang maisuot. Makikita mo.”

“Nope. Promise talaga next Sunday,” aniya bago tunggain ang natitirang laman ng kanyang mug. “I have to go na, ‘My.” Isinukbit niya ang bag at humalik

sa ina.

“Umuwi ka nang maaga, ha. Dito raw magdinner ang bayaw mo.”

“Talagang tanggap mo nang iiwan ka na ng bunso mo, ano?”

Nagkibit-balikat ito. “Ano ba’ng magagawa ko, eh, pareho kayong babae? Wala akong ibang pinangarap kundi matupad ninyo ang mga pangarap n’yo at makahanap kayo ng matinong mapapangasawa.”

Napatango na lang si Luanne.

“At saka mabait na bata iyang si Carlo. Panatag ako’t siya ang mapapangasawa ni Liezel.”

“Well, ako rin naman. I’m happy for them,” sang-ayon niya.

“Ikaw ba kelan mag-aasawa?”

Napangiwi muli ang dalaga. Hindi niya alam kung tinutukso ba siya ng mommy niya o ano. Paano siya mag-aasawa kung boyfriend nga wala siya? Ngayon pa lang siya magsisimulang ‘dumiskarte’ sa ideal man niya.

“Ano ka ba naman, ‘My? Ikakasal na nga si Liezel, eh. Hindi muna kita iiwan.”

Tinaasan lang siya ng kilay ni Mrs. Lazatin. “Hindi ko alam kung ano’ng hanap mo sa lalaki. Napakapihikan mo. Kung sana niligawan ka ni Melvin noong mga bata pa kayo, baka nauna pa kayong nagpakasal kesa sa kapatid mo.”

She smirked. Bakit napasok sa usapan si Melvin? Napakaaga pa para masira ang araw niya. She just rolled her eyes.

“My, wala na akong time para makipagkuwentuhan pa. Baka ma-late na ako. Pakisabi na lang kay Liezel.” Muli siyang humalik sa ina at lumakad na palabas.

“Luanne!” habol nito.

Nilingon niya ito.

“Darating yata si Melvin ngayong araw. Nabanggit pala sa akin ni Liezel kanina bago umalis. Agahan mo ang uwi, baka isama ni Carlo dito mamaya.”

Hindi siya kaagad nakapag-react. *Melvin is coming back? Well, he really has to because he’s my sister’s best man.*

She shrugged off her mother’s news. “I’ll try.”

Luanne glanced at her watch. She still had five

minutes left when she arrived at *Renaissance 2000* in Pasig. Kabilin-bilinan sa kanya ni Crysteen na kapag na-late raw siya ng isang minuto, siguradong hindi na niya na aabutan ang interviewee. At bakit niya hahayaang mangyari iyon? Hindi niya kayang palampasin ang ganoong pagkakataon. Kaya nga kahit wala ring available na photographer noong araw na iyon ay sumige siya. She was a photographer herself. She would make sure she would get the best angles of Lester Correa. At ginagawa niya ang lahat ng ito para sa magazine nila, at siyempre para sa sarili niya na rin.

Binilisan ni Luanne ang lakad para hindi na siya mapansin ng guard sa lobby. Naikuwento ng isa niyang writer dati na nag-interview sa isang artista na nakatira rin sa condominium na iyon na mahigpit ang mga guwardiya roon. Sumabay na lamang siya sa mga Koreano na papasok din sa gusali. She had no time for sign-ups. Baka ma-late pa siya ng isang minuto.

Huminga muna siya nang malalim bago pinindot ang doorbell. Ang lalaki ang may gusto na sa bahay na lang nito ganapin ang interview. Kapag sinusuwerte nga naman siya. Hindi lang niya makakaharap at makakausap ang lalaking 'pinapangarap,' makakatuntong pa siya sa bahay nito!

She glanced at herself on the shiny door of elevator earlier and she was confident she looked good. Pero hindi niya rin maiwasang kabahan. Pakiramdam niya bilang babae ay normal lang ang makadama ng ganoon lalo na't kung katulad ni Lester ang makakaharap niya. Hanggang sa bumukas ang pinto.

Pinigil ni Luanne ang hininga nang bumungad ang lalaki roon. *My oh my, he's so gorgeous!*

"Are you the one from the magazine?" seryosong tanong nito.

"Yeah," sagot niya. She swallowed. "I'm Luanne Lazatin, feature editor of *The Pearl*," pagpapakilala niya, sabay lahad ng kanang kamay.

Tinanggap nito iyon. Muntik na siyang mapasinghap.

"Lester Correa." Naramdaman niya ang marahang pagpisil nito sa palad niya. "I'm sorry, I didn't even invite you to come in first. Pardon my manners," paumanhin nito, sabay giya sa kanya papasok sa loob. Somehow, she felt disappointed that he had to release her hand. "Have a seat, please."

Sinunod niya iyon.

“Have you had your lunch?”

You are my lunch. And hopefully my dinner, too, pilyang sigaw ng isip ni Luanne. Hindi niya nasupil ang isang ngiting kumawala sa labi niya.

“Is there something wrong?” nakangiting tanong ng binata na siyang nagpabalik sa kanya sa katinuan.

“Uh, no. Sorry, may iniisip lang ako. Sorry. Don’t bother. I’ve eaten before I came here.”

“How about something to drink?”

“I’m fine, thank you,” kiming tugon niya. *Napakamaalalahanin naman pala ng lalaking ito, sa isip-isip niya. Malapit na talaga akong ma-in love sa iyo.*

“Well, if you say so,” kubit-balikat na turan nito at umupo sa tapat ng kinauupuan niya. “Did you say you are the feature editor?” tanong nito nang makaupo na siya.

Tumango ang dalaga. “Yes.” Pakiramdam niya ay siya ang interviewee at ito ang interviewer. Napaka-overpowering naman kasi ng presence nito.

“Shall I call you ‘Miss Lazatin’ or can I just call you ‘Luanne’?”

“Whatever you prefer, Mr. Correa.”

“Well, I’d like to call you ‘Luanne’, so please call me ‘Lester’ from now on.”

“Okay,” nakangiting tugon niya. She thought she needed a mirror that instant because she was afraid she looked like a teenybopper in front of her crush.

“Good. I guess we better start the interview so we can still have other activities later. What do you think?” nakangiti ring sabi nito.

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig dahil sa pagkapahiya. Naroon siya para sa trabaho, para sa kanilang magazine at hindi para magpa-cute sa harap ng lalaking ito. She should act professionally.

“O-of course! Where exactly do you want to do the interview?”

Mukhang hindi nito nahalata ang pagkapahiya niya. Nakangiti pa rin ito sa kanya.

“I’d rather have it done in my study. Shall we?” Tumango si Luanne, sabay tayo. Iginiya siya nito papunta sa study nito habang nakaalalay sa kanyang siko.

“I’m excited to see those pictures,” anang binata habang nagmamaneho. Ang tinutukoy nito ay ang mga litratong kinunan niya para sa pictorial.

Habang ini-interview niya ito kanina, she realized that Lester seemed to be a nice guy apart from all the good qualities he possessed. Napakapropesyonal din nito kaya naman nawala ang inhibisyon niya.

She enjoyed the interview as much as he said he also did. The man is such a good subject and she really had to agree with Crysteen that their September issue would sell like pancakes because finally they were able to feature one of the most eligible bachelors in town.

Matapos ang interview ay niyaya siya nitong maghapunan sa isang restaurant sa malapit, at wala sa plano niya ang tanggihan ang paanyaya nito. Something made her believe that she was able to really get his attention. Hindi nga ba’t panay ang titig nito sa kanya habang kumakain sila at hindi ito pumayag na hindi siya ihatid sa bahay. Tumanggi siya isang beses pero galing sa ilong. And being the gentleman that he was, he insisted. At hindi siya sira para muling humindi.

“Hey, Luanne,” untag nito na tila nagpagising sa pananaginip niya nang gising.

“Oh, I’m sorry. What were you saying?”

“I said should I turn left or should I turn right?”
tanong nito.

Noon niya lang napansin na malapit na pala sila sa bahay niya.

“Right then left.”

Muli nitong pinasibad ang sasakyan. Patay na ang ilaw sa labas pagtapat nila sa bahay niya.

Bumaling siya rito. “Thanks for the ride. And for the dinner. And of course for the interview.”

Bahagyang ngumiti lang ito. “I won’t accept just ‘thank you’.”

Nagulat si Luanne. Then he slowly leaned toward her. Nang maunawaan niya kung ano ang nais nitong gawin, ipinikit niya ang mga mata.

Parang sinisilihan ang puwit niya habang hinahalikan siya nito. Boy, he was kissing her really hot! Pakiramdam niya ay may masama silang kahahantungan kapag tumagal pa sila nang isa pang minuto.

Napakislot siya nang maramdaman niya ang kamay nito sa ibabaw ng kanyang dibdib. Doon na

talaga siya nagising. Bahagya niya itong naitulak.

“L-Lester...”

Walang pagkapahiya na mababanaag sa mukha nito. He just smiled.

“I... I have to go,” kinakabahang sabi niya.

“Will you go out with me next time?” he asked smilingly, his eyes melting her.

“Uhm... maybe. It depends.”

“Good. See you next time.”

“O-okay... ‘bye.”

“Bye.”

Pagbaba ni Luanne ng kotse ay saka lang siya nakahinga nang maluwag. Muntik na siya roon. Ipinagpasalamat niya na tinted ang salamin ng kotse ng binata.

Nang makaalis ang sasakyan ay napansin niya ang isang anino sa tapat ng bahay nila. Inaninag niya iyon ngunit wala siyang napala dahil doon nanggagaling ang liwanag kaya hindi niya rin ito namukhaan. Ipinasya niyang pumasok na lang ng bahay.

Habang nakadapa sa malambot na kama ay sari-saring ideya ang pumasok sa isip ni Luanne. Hindi pa rin siya makapaniwala. Hinalikan siya ni Lester! Marahil kung hindi pa siya natauhan, baka kung ano pa ang nangyari sa kanila sa kotse nito!

Napabiling siya at niyakap nang mahigpit ang unan. *Ano kaya kung hindi ko siya pinigilan? Pero mabuti na rin iyon dahil nasa tapat kami ng bahay. Baka biglang lumabas si Mommy at katukin pa ang kotse. Dyahe 'yun kung nagkataon.*

Wala sa sariling nahaplos niya ang mga labi. Hindi pa rin siya makapaniwala. Hindi na virgin ang mga labi niya ngayon! Even her right breast was no longer virgin to a man's touch! Napahawak din siya roon.

Oh my, napakabilis niya naman yata? sita ng isang bahagi ng isip niya. Although she could feel that he was somewhat attracted to her, she still did not expect him to act so fast. Ganoon ba talaga iyon?

She did not want to act like naïve, but she did really consider herself conservative. Pero ngayon mukhang magbabago na ang panuntunan niya sa buhay. Napaisip siya.

At age twenty-six, only two men were able to kiss and touch me. The first one, I was able to have sex with him, but only in my dream. The second guy is the man of my dreams. Hindi ko na yata siya dapat pakawalan pa!

Ngayong nakagawa na si Luanne ng unang hakbang para mapalapit kay Lester, nabuo sa isip niya ang *Oplan: End NBSB*. She was determined to have him as her boyfriend, no matter what it takes. Hindi na siya bumabata kaya kailangan niya nang makisabay sa agos ng panahon kung ayaw niyang tumandang tigang.

Ipinikit niya ang mga mata at pilit inalala ang halik ni Lester. It was sweet, all right, but not as sweet as Melvin's in her dream.

4

“Anong oras ka na ba umuwi kagabi?”

“Hmm... twelve na siguro iyon, ‘My,” aniya, sabay kagat ng hotdog. “Si Liezel pala? Umalis na?”

“Kina Rhealie iyon natulog. Binigyan siya ng shower party ng mga kaibigan niya noong high school.”

Bahagyang napahiya si Luanne. Siya itong kapatid, pero hindi siya nakapag-organize ng bridal shower para rito. Ni hindi pa nga pala siya nakakapagpasukat ng gown. Parang hindi niya nag-iisang kapatid ang ikakasal.

“So hindi sila dito nag-dinner?”

Inilapag ni Mrs. Lazatin ang tasa ng kape sa harap niya. “Si Liezel, hindi. Alas cinco pa lang hinatid na siya ni Carlo kina Rhealie pero bumalik din. Dito sila nag-dinner.”

“Sila?” Napakunot-noo siya.

“Si Carlo at si Melvin.”

Napatingin siya sa ina. *‘Andito na si Melvin?’*

“Hinintay ka nga kagabi, ang tagal mo namang umuwi.”

“Saan siya titira? Di ba may nakatira na diyan sa tapat?”

Ang tinutukoy niya ay ang bahay ng mga ito sa tapat nila. Hindi ibinenta ng pamilya Rubido ang bahay nang lumipat na ng mga ito ng tirahan. Ang huling balita niya, nasa Canada na ang mga magulang nito kasama ng dalawang ate nito na may kani-kanya na ring pamilya. Wala siyang alam kung saan na nakatira si Melvin. Ang alam niya lang, ayon na rin sa kuwento ni Carlo, matagal nang wala sa Pilipinas ang pinsan nito.

“Nakausap na ni Carlo ‘yung umuupa diyan sa tapat dati pa. Aalis na nga yata, kung hindi ngayong araw baka bukas. Kina Carlo muna siya umuwi kagabi.”

Tumangu-tango si Luanne. “Kamusta naman daw siya?”

“Naku, anak! Kapag nakita mo ang kaibigan mong iyon, aakalain mong isa siyang artista. Ang guwapo-guwapo! Pati ang tindig, matikas. Hindi ba’t mas matangkad pa siya kay Carlo?”

Palihim na inismiran ni Luanne ang ina. Dati pa

ito naguguwapuhan sa dati niyang best friend, pero ngayon kung makapagsalita ay tila crush nito ang tinutukoy.

“Ipapa-renovate daw ni Melvin iyang lumang bahay nila. Diyan niya yata balak itira iyong mapapangasawa niya.”

“What!” gulat na bulalas ni Luanne. “Mag-aasawa na rin siya?”

Tinapunan siya ng nagtatakang tingin ng mommy niya. “Bakit? Ikaw lang naman yata ang walang konsepto ng pag-aasawa, eh,” sagot nito.

Napangiwi siya saka ipinagpatuloy ang pagkain. *Huwag kang mag-alala, Mommy. Kapag nagtagumpay ako sa project ko with Lester, baka next year ay ikasal na rin ako.*

While finishing her breakfast, she still thought about Melvin. *He’s really getting married?* di-makapaniwalang tanong niya sa sarili. Hindi niya alam kung nagulat siya dahil ba ikakasal na ito sa iba o dahil mauunahan siya nitong mag-asawa. Kahit papaano naging issue iyon sa kanya hanggang sa pagpasok niya sa opisina.

But all the thoughts of Melvin vanished from her mind when she saw a bouquet of long-stemmed red roses on her table.

She was thrilled that somebody sent her flowers, but she was more thrilled to find out who the sender was. Hinanap niya ang tarheta, ngunit “To Miss Luanne Lazatin’ lang ang nakasulat doon. Disappointed tuloy siya.

Where did these come from?

Naputol ang daloy ng pag-iisip niya nang tumunog ang telepono sa kanyang opisina. Mabilis na dinampot niya iyon.

“Good morning. Is this Miss Luanne Lazatin?” anang boses-babae sa kabilang linya.

“Yes.”

“Mr. Correa wants to talk to you, Ma’am. Can you please hold your line for a second?”

Mr. Correa? Dalawa lang ang Mr. Correa na kilala niya at iyong isa ay napakaimposibleng tawagan siya. The girl on the other line must be talking about Lester Correa!

“O-okay.”

“Thank you, Ma’am.”

Mayamaya ay may narinig siyang pamilyar na boses-lalaki sa kabilang linya.

“Luanne?”

“Y-yes?”

“Hi, this is Lester. Are you free this Saturday?”

Oh my! Is he asking me out? Is he the one who sent me these beautiful flowers?

“Luanne?”

“Uh, yeah. I don’t have any appointment on Saturday so far. Why do you ask?”

“Well, I don’t have any appointment on that day, too. I’d like to know if you could join me.”

Napakagat-labi ang dalaga para pigilin ang pagtili na nais kumawala mula sa kanyang mga labi. Hindi nga siya nananaginip, niyayaya siyang mag-date ni Lester!

“Well... that sounds nice. Maybe... I could join you.”

“That’s great. I’ll call you again on Friday.”

“Okay.”

“Have a good day! ‘Bye.’”

“You too. ‘Bye.’”

Kanina pa naibaba ng dalaga ang telepono ngunit nakatulala pa rin siya, nakatitig sa pumpon ng mga rosas. Sigurado siyang kay Lester galing ang mga iyon, walang duda. Napangalumbaba siya at napangiti. Things were going easy for her. Hindi na kailangang lumapit ng palay sa manok dahil manok na ang lumalapit sa palay!

Pikit-matang sinamsam ni Luanne ang bango ng mga bulaklak. Nasasabik siya at kinakabahan sa nalalapit nilang date ni Lester. Nothing else mattered now.

“I already had the pictures developed. I can send you copies if you want,” ani Luanne upang kahit papaano ay mawala ang kaba niya. Kanina pa siya naiilang sa malagkit na tingin ng binata. Pakiramdam niya ay hinuhubaran siya ni Lester.

“What pictures?” kunot-noong tanong nito habang nakatitig pa rin sa kanya. Bagaman medyo naasiwa siya sa tingin nito, she felt flattered because never in the entire course of their dinner did he turn his head away from her. Nasa kanya lang ang

atensyon nito. Pakiramdam niya tuloy mas mahaba pa ang buhok niya kaysa kay *Rapunzel*.

“The pictures during the interview.”

“Oh that,” walang anumang sabi ng binata. Pinigilan niya ang sariling mapakislot nang hawakan nito ang kanyang kamay na nakapatong sa mesa. He brought her hand to his lips and kissed it.

Pakiramdam niya ay tumigil ang pag-inog ng mundo dahil hindi niya namalayan na nakalapit na pala sa kanya si Lester. Langhap na langhap niya ang nakaliliyong halimuyak ng pabango nito. When she looked into his eyes, she could see one thing: desire.

He touched the side of her neck and gently caressed her skin with his playful fingers. Ang epekto niyon, para siyang inaantok at nilalagnat. Then he brushed her ear with his lips and whispered, “Where do you want us to go? My place or yours?”

Nag-hang na yata ang utak ni Luanne dahil sa lalaking ito. Wala siyang ideya kung ano ang ibig sabihin nito. Basta ang alam niya lang, sa ganitong sitwasyon nila, mas lalong hindi niya ito puwedeng dalhin sa bahay nila.

Ngunit nang mag-register sa kanyang utak ang implication ng sinabi ng binata ay natauhan siya.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng kanyang mukha. "I'm sorry. I can't..."

Iyon lang at lumayo sa kanya ang lalaki. Tila nabuhusan din ito ng malamig na tubig.

Binalot na sila ng katahimikan sa nalalabing sandali ng kanilang hapunan. Maging nang bumalik sila sa sasakyan nito ay wala pa ring nagsasalita.

Wala silang imikan habang nagmamaneho ito. Tila wala itong kasama; at kung magpatakbo, parang hinahabol.

Nang huminto ang kotse sa tapat ng bahay nila, alam niyang dismayado ito base sa ekspresyon nito.

"I'm sorry, Lester..."

He smiled faintly. "Good night," ang tanging sinabi nito na tila ba pinapababa na siya sa kotse nito.

Bago pa siya mapahiya ay nagpaalam na rin siya, ngunit hanggang sa makaibis siya ng sasakyan ay wala na itong sinabi. She just watched him drive away. She, too, felt frustrated.

Somehow, she was confused if she did the right thing or not. May bahagi ng isip niya ang nagsasabing tama ang ginawa niyang pagtangga. He was too fast. Why would she give her well-preserved hymen to a

man who did not even say he liked her? But wasn't that obvious, that he liked her too the way she liked him?

Mabibigat ang hakbang na pumasok si Luanne sa loob ng bahay. Naabutan niya sa sala ang kapatid, maging ang future bayaw at isa pang bisita na nakaupo patalikod sa kanya.

"Ate!" bulalas ni Liezel pagkakita sa kanya. Nakaupo ito sa sofa katabi ang mapapangasawang si Carlo. Nakangiting kinawayan naman siya ng lalaki. She faked a smile. Ayaw niyang magmukhang nalugi sa harap ng mga ito kahit iyon mismo ang pakiramdam niya.

Nabura ang pekeng ngiti niya nang tumayo at humarap sa kanya ang isa pang bisita.

"Kamusta ka na, Lu?"

Nang mga oras na iyon, sigurado siyang tumigil sa pagtibok ang kanyang puso. She had to squint her eyes because those were the only part of her body she could move at that moment.

Ilang sandali pa'y nawala na ang kanyang disbelief. Malinaw kung sino ang nakikita niya.

“M-Melvin?”

He was smiling widely now. His smile was so captivating that she totally forgot what had just happened between her and Lester.

Napangiti na rin si Luanne, bagaman walang tigil sa pagkabog ang kanyang dibdib. *I must be dreaming!*

Narinig niyang tumikhim ang kapatid. Sabay silang napalingon ng kaharap dito. Kitang-kita niya si Carlo na pilit itinatago ang mala-demonyo nitong ngiti habang nakatingin sa mapapangasawa.

“Sa labas muna kami, Ate. Usap muna kayo ni Kuya Vin. May food sa fridge kung gusto n’yong kumain,” ani Liezel habang nanunukso ang mga mata. Nang tumango siya ay hinila nito palabas si Carlo at huling-huli niya sa sulok ng kanyang mga mata na nagsisikuhan ang pareha.

Nang balingan niya si Melvin ay tipid na ang pagkakangiti nito. Pinaupo niya ito.

“Would you like anything?” alok niya. She needed some time to breathe air. His presence was suffocating.

Umiling ito. “Tapos na. Ikaw na lang.”

“Kukuha lang ako ng kape. Are you sure ayaw

mo ng kahit ano?”

Muli itong umiling.

Inilapag ni Luanne ang bag sa sofa at iniwan ang lalaki matapos magpaalam na sasaglit muna sa kusina. Ang una niyang ginawa ay pumasok sa banyo upang tingnan ang sarili. Mukha naman siyang maayos. Huminga siya nang malalim.

Sinapo niya ng dalawang kamay ang magkabilang pisngi. She could feel her palms getting cold. *What's the matter with me? Is this still some sort of an aftermath of what happened to me and Lester, or is it because of Melvin alone?*

Ipinilig niya ang ulo at mariing pumikit bago dumilat upang muling tingnan ang sarili sa salamin.

No, this has absolutely nothing to do with Lester, she concluded. So why am I acting like this? Dahil ba sa panaginip ko? Or dahil ba sa hitsura niya? Ang guwapo-guwapo niya! Dati na siyang guwapo pero mas guwapo siya talaga ngayon! Geez, help me! Nababaliw na 'ata ako!

Kinurot ni Luanne ang sarili upang kahit papaano ay mawala ang agam-agam niya at makalma siya. Naisip niya na hindi tama ang pagiging OA niya. Maybe she just missed him. He used to be her best

friend for a long time, for Pete's sake! Hindi lang siguro siya handa sa pagbabalik nito.

Nang makalma, lumabas siya ng banyo at nagtimpla ng kape. Mula nang mawala sa buhay niya si Melvin, kape na lang ang naging best friend niya. Huminga siyang muli nang malalim bago bumalik sa sala. Naroon pa rin ang lalaki sa kinauupuan nito.

Muli ay nginitian siya nito. Bakit ba pakiramdam niya ay tumitigil sa pagtibok ang kanyang puso tuwing ngumingiti ito?

“Mahilig ka pa rin pala sa kape,” puna ni Melvin.

“Oo naman,” aniya, sabay higop sa inumin. The hotness of the coffee helped soothe her nerves, but not quite.

“Kamusta?”

Nagkibit-balikat siya. “Heto, mabuti naman. Ikaw?”

Ginaya siya nito, nagkibit-balikat din. “Mabuti rin. Gumaganda ka yata.”

Kunwa'y napasimangot ang dalaga upang pigilin ang malawak na ngiting gustong kumawala sa mga labi niya sa simpleng papuri nito.

“Salamat, ha. Wala nang bawian.”

Natawa ito. “Totoo naman, gumanda ka talaga,” turan nito habang nakatitig sa kanya.

Humigop muli ng kape ang dalaga. Siya itong nasa sariling bahay, pero siya pa ang tila kinakabahan habang ang kababata ay kampakanteng nakaupo sa sofa nila.

“Well, I guess I have to return the compliment. You look gorgeous too,” aniya nang maibaba ang tasa ng kape.

“Na-miss kita, Lu,” ang naging tugon nito.

Biglang lumikot ang mga mata niya. What did he expect her to say? That she missed him too? Totoo man iyon o hindi—ngunit aminado siyang totoo—sasabihin ba niya iyon sa binata? What for? Matapos siya nitong iwan at mawala na parang bula? Ano ito, sinusuwerte?

“Ang tagal na rin kasi nating hindi nagkita,” naisip niyang itugon. “Balita ko big time ka na.”

Ipinatong ng lalaki ang isang kamay sa armrest ng sofa na kinauupuan nito at nagde-kuwatro. “Balita mo lang iyon. Wala pa nga akong sariling eroplano.”

Napangiti si Luanne. The coffee did help to calm

her, but her heartbeat was still in a fast pace.

“Boyfriend mo ba ‘yung naghatid sa iyo?”

Ikinagulat niya ang tanong nitong iyon. Kung gayon ay nakita pala ng mga ito na may sasakyang naghatid sa kanya?

Nagkibit-balikat lamang si Luanne. Hindi niya kasi alam ang sasabihin. Matapos ng nangyari sa kanila ni Lester kanina, hindi na siya sigurado kung gusto pa rin niyang maging nobyo ito kahit na taglay nito ang mga katangiang pinapangarap niya.

Tumango lang ito. “Parang kailan lang, naglalaro pa tayong apat sa ulan. Ngayon ikakasal na ‘yung dalawa. Naunahan pa tayo,” anito.

“Oo nga, eh.”

“Ikaw ba wala pang balak magpakasal?” tanong ni Melvin.

Itinago niya ang ngiwi sa isang ngiti. “Kahit naman gustuhin kong magpakasal ngayon, hindi puwede dahil sukob kami ni Liezel. Ikaw, kailan ka magpapakasal?” sagot niya.

May dalawa siyang motibo sa kanyang sinabi: ang ibalik dito ang spotlight at ang malaman ang tungkol sa bagay na hindi niya maipagkakailang

curious siya.

Mukhang hindi ito natinag sa tanong niya. Wala itong kakurap-kurap nang sabihing “Soon.”

Soon? Iyon lang ang sagot sa tanong ko? tila bitin na sabi niya sa sarili. Pero hindi siya sumuko.

“S’abi ni Mommy, diyan ka na raw uli titira sa tapat with your wife-to-be?” Sinabi niya iyon sa paraang patanong. Kapag sinagot siya nito ng ‘yes’ lang, baka iwan niya na ito.

“Tama ang mommy mo. Ipapa-renovate ko nga iyong bahay namin. Tingin mo maganda naman kapag ni-renovate?” anito habang walang kaalis-alis ang tingin sa kanya.

May kung anong tumusok sa puso ni Luanne nang kumpirmahin nito ang bagay na iyon. So he’s really getting married... with another woman. Hindi niya alam, pero pakiramdam niya ay nalungkot siya sa kaalamang magpapakasal si Melvin sa ibang babae kaysa sa katotohanang magpapakasal na ito.

“Well, tingin ko maganda iyan kapag ni-renovate. Saka malaki ang lote n’yo. Puwede mo pang palakihan ‘yung bahay,” walang kalatoy-latoy niyang sabi. Lihim siyang nagpasalamat sa kape.

“Talaga, okay lang sa iyo ‘yung bahay namin?”
tila masaya nitong tanong.

Hindi niya maintindihan kung ano ang extraordinary sa opinyon niya, pero sinagot niya ang tanong nito kahit parang nawala na siya sa mood.

“Oo naman. Maganda talaga ang bahay ninyo dati pa. Napabayaang lang noong umalis kayo.”

Iyon na ang huling palitan nila ng salita tungkol sa kasal-kasal. Lihim siyang nagpasalamat nang baguhin ni Melvin ang topic ng usapan nila; bumalik ang good mood niya kahit paano. Pinag-usapan nila ang buhay pagkatapos ng college partikular na ang kanilang mga karera. Pinagkuwentuhan nila ang mga bagay na hindi na nila nagawang pag-usapan noon dahil nagkahiwalay na sila ng landas at nagkaroon ng sari-sariling buhay.

Aminado siyang lubos siyang natutuwa sa pag-uusap nilang iyon. May bahagi ng pagkatao niya na tila nabuhayan sa muling pagdadaupang-palad nila. At kahit itanggi niya man sa sarili, alam niyang may bahagi ng pagkatao niya na tila isang lantang halaman na nadiligan sa muling pagkikita nila ni Melvin—taliwas sa inaasahan niya.

Madaling-araw na nang magpaalam ito. Maski

siya ay hindi na namalayan ang oras. Ang kapatid niya at magiging bayaw ay tila naman walang kasawaan sa isa't isa. Sumabay na rin si Carlo sa pag-alis ng pinsan nito.